Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 14 OKTUBRE 1996, IKA-9:00 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	-	Presiding Officer
Kagawad Cesar T. Maticos	-	Member
Kagawad Ferdinand V. Talens	-	Member
Kagawad Angeles D. Bautista	-	Member
Kagawad Ramil O. Dimapilis	-	Member
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	-	Member
Kagawad Ramulfo C. Marral	-	Member
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	-	Member
Kagawad Honesto O. Taytay	-	Member
Kagawad Eduardo G. Villamin	-	Member, ABC President
Kagawad Randy P. Valencia	-	Member, SK Chairman

Absent:

N O N E

- -

KAPASYAHAN BLG. 112
Taong 1996

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING KAY PROVINCIAL VETERINARIAN HONESTO MALIWANAG NA MAGSAGAWA NG PAGBABAKUNA NG MGA ALAGANG KALABAW SA ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang mga kalabaw ay maituturing na matalik na kaibigan at pangunahing katulong sa hanapbuhay ng mga magsasaka sa bayang ito sa loob ng matagal nang panahon, lalo na ng mga kakaunti ang lupang sinasaka;

SAPAGKA'T ang mga kalabaw na ito ay taon na ang binibilang sa pagseserbisyo sa mga magsasaka kung kaya't nararapat lamang na sila ay alagaan at bigyan ng nararapat na pagkalinga sa mga kailangan ng katawan at kalusugan;

SAPAGKA'T ang pagpapalit-palit ng klima sa kasalukuyan ay lubhang nakaaapekto sa kalusugan ng mga alagang hayop na ito kaya't upang maiwasan ang pagkakasakit, paghahawa at pagkamatay ng mga kalabaw ay kinakailangan ang maagap at karampatang hakbang;

SAPAGKA'T minarapat ng Sangguniang Bayan ng Roxas na ang pangangailangang ito ay itukoy sa kinauukulan, kay Dr. Honesto Maliwanag, Panlalawigang Beterinaryo upang hilinging mabakunahan sa lalong madaling panahon ang mga alagang kalabaw na ito sa bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na pinangalawahan ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin kay Dr. Honesto Maliwanag, Provincial Veterinarian, na magmagawa ng pagbabakuna ng mga alagang kalabaw sa Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Dr. Honesto Maliwanag, Provincial Veterinarian, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanyang maagap at naaayong pag-aksyon.

IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ang Kgg. Gobernador Rodolfo G. Valencia, Calapan, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman at pamamatnubay.

Pinagtibay: 14 Oktubre 1996

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:

GERACIO I. YASON
Municipal Mayor

mers/
101596